Alberta

Palabas na **balita**

# Bagong landas ng imigrasyon para sa mga relihiyosong manggagawa

Setyembre 28, 2022

## Sasama ang Alberta sa ibang mga lalawigan sa pagpapalawak ng panlalawigang programa sa imigrasyon nito para tanggapin ang mga aplikasyon mula sa mga relihiyosong manggagawa na naglilingkod sa espirituwal at pastoral na mga pangangailangan ng kanilang mga komunidad.

Ang Alberta ay tahanan ng libu-libong mga komunidad ng pananampalataya mula sa magkakaibang hanay ng mga relihiyosong tradisyon, na marami sa kanila ay umaasa sa mga klero at iba pang mga relihiyosong manggagawa mula sa mga ibang bansa upang suportahan ang kanilang pangliturhiya, pastoral at espirituwal na mga pangangailangan. Gayunpaman, sa kasalukuyan ay walang malinaw na landas para sa mga naturang manggagawa upang maghanap o makakuha ng permanenteng paninirahan sa Alberta, na nangangahulugan na maraming mga relihiyosong manggagawang may matatag na ugnayan sa kanilang mga komunidad ang kailangang umalis sa bansa pagkatapos ng kanilang panahon ng pansamantalang paninirahan.

Upang matiyak na mas mahusay na mapaglilingkuran ng mga relihiyosong organisasyon ang kanilang mga kongregasyon, ang pamahalaan ng Alberta ay gumagawa ng mga hakbang upang maakit ang mga manggagawang ito sa ilalim ng Programa ng Kapakinabangan sa Imigrasyon ng Alberta (Alberta Advantage Immigration Program).

Ang mga relihiyosong bagong dating na propesyonal ay karapat-dapat na ngayong mag-aplay sa ilalim ng Daloy ng Oportunidad ng Alberta (Alberta Opportunity

Stream), Daloy ng Mabilisang Pagpasok ng Alberta (Express Entry Stream) at Daloy ng Pagpapanibago ng Kanayunan ng Alberta (Rural Renewal Stream) upang makipagtulungan sa mga relihiyosong organisasyon at permanenteng manirahan sa lalawigan. Ang mga aplikante ay dapat magkaroon ng alok sa trabaho mula sa isang samahan ng pananampalataya na nakabase sa Alberta at matugunan ang umiiral na pamantayan sa ilalim ng programa, kabilang ang mga kinakailangan sa wika, edukasyon at sahod.

Ang mga pagbabago ay naghahanay sa Alberta sa iba pang mga lalawigan, kabilang ang British Columbia, Saskatchewan, Manitoba at Ontario, na nagpapahintulot sa mga manggagawa sa relihiyon na mag-aplay sa ilalim ng kanilang mga panlalawigang programa ng imigrasyon.

Ang Pamahalaan ng Alberta ay patuloy na susubaybayan ang merkado ng trabaho at gagawa ng mga pagbabago sa Programa ng Kapakinabangan sa Imigrasyon ng Alberta (Alberta Advantage Immigration Program) upang matiyak na sinusuportahan nito ang ekonomiya at mga komunidad ng Alberta.

## Mabilis na mga Katotohanan

- Ang Programa ng Kapakinabangan sa Imigrasyon ng Alberta (Alberta Advantage Immigration Program) ay isang pederal-panlalawigang programa na naghihirang ng mga indibidwal para sa permanenteng paninirahan sa Alberta kung mayroon silang mga kasanayan upang punan ang mga kakulangan sa trabaho o nagpaplanong bumili o magsimula ng negosyo sa Alberta.
- Ang mga manggagawa sa relihiyon ay maaaring mag-aplay sa programa sa ilalim ng Daloy ng Oportunidad ng Alberta (Alberta Opportunity Stream), Daloy ng Pagpapanibago ng Kanayunan ng Alberta (Rural Renewal Stream) at ang Daloy ng Mabilisang Pagpasok ng Alberta (Alberta Express Entry Stream) kung natutugunan nila ang umiiral na pamantayan sa pagiging karapat -dapat.
    - Ang Daloy ng Oportunidad ng Alberta (Alberta Opportunity Stream) ay para sa pansamantalang mga dayuhang manggagawa na nagtatrabaho na sa Alberta at may isang full-time na alok sa trabaho mula sa isang tagapag-empleyo ng Alberta sa isang karapat-dapat na trabaho.

  - Ang Daloy ng Pagpapanibago ng Kanayunan (Rural Renewal Stream) ay para sa mga indibidwal na may alok na trabahong suportado ng komunidad para magtrabaho sa isa sa mga itinalagang komunidad sa kanayunan ng Alberta.
  - Ang Daloy ng Mabilisang Pagpasok ng Alberta (Alberta Express Entry Stream) ay nagpapahintulot sa Alberta na magmungkahi ng mga kwalipikadong kandidato mula sa pederal na sistema ng Mabilisang Pagpasok (Express Entry) na nagpapakita ng matibay na kaugnayan sa Alberta o nagtatrabaho sa isang trabaho na sumusuporta sa pag-unlad ng ekonomiya at pagkakaiba-iba ng Alberta.

## Kaugnay na impormasyon

- Programa ng Kapakinabangan sa Imigrasyon ng Alberta (Alberta Advantage Immigration Program)
- Plano sa Pagbawi ng Alberta

